Republika ng Pilipinas

# Kagawaran ng Edukasyon

**Sangay ng mga Paaralan ng Benguet**

Agosto 1, 2023

**Memorandum Pansangay**
Blg. 273, s. 2023

DepEd-Benguet Division
AUG 08 2023
RELEASED

Sa mga: Pandistritong Tagamasid
Punong-guro/Ulong-guro/Gurong Namumuno
Pandistritong Tagapag-ugnay sa Filipino
Kaguruan sa mga Paaralang Elementarya at Sekondarya

## GAWAIN SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2023

1. Alinsunod sa itinakda ng Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, ang Buwan ng Wikang Pambansa ay taunang ipinagdiriwang tuwing Agosto 1-31 sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Kaugnay nito, nakasaad sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 036, s. 2023 na ang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023 ay nakasentro sa temang ***"Filipino at mga Katutubong Wika: Wika ng Kapayapaan, Seguridad, at Ingklusibong Pagpapatupad ng Katarungang Panlipunan."***

2. Layunin ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023 sa ating Sangay ang mga sumusunod:
   a. maiangat ang kamalayan ng mga mag-aaral at mga kawani sa Sangay ng mga Paaralan ng Benguet ukol sa wika at kasaysayan nito;
   b. maganyak ang mga mag-aaral at mga kawani na pahalagahan ang mga katutubong wika sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   c. malinang ang mga kasanayan ng mga mag-aaral at mga kawani sa pamamagitan ng paglahok sa mga patimpalak.

3. Ang mga lingguhang tema para sa isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

| Petsa | Tema |
|---|---|
| Agosto 1-5 | Pagkilala at Pagtaguyod sa Filipino Sign Language (FSL) bilang Pambansang Senyas ng Pilipinas |
| Agosto 7-12 | Mga Wikang Katutubo: Midyum ng Pagtuturo, Pananaliksik at Pagkakaisa |

| | |
|---|---|
| Agosto 14-19 | Mga Wikang Katutubo: Kasangkapan ng Siyensiya at Teknolohiya tungo sa Maunlad na Bansang Pilipinas |
| Agosto 21-26 | Mga Wikang Katutubo: Pambansang Pag-uswag at Pakikipagkapwa sa Pagpapaunlad ng Katarungang Panlipunan |
| Agosto 28-31 | Wikang Filipino: Wikang Mapagbangon |

4. Hinihikayat ang mga distrito at mga paaralan na magsagawa ng kani-kanilang mga gawain kaugnay sa mga lingguhang tema. Maaaring iba-iba ang mga gawain depende sa konteksto ng distrito o paaralan.

5. Makikita sa Kalakip 1 ang mga timpalak na ibinaba mula sa Sentrong Tanggapan ng Kagawaran ng Edukasyon. Ginawan ang mga ito ng kaunting pagbabago upang umangkop sa konteksto ng ating Dibisyon.

6. Mabibigyan ng sertipiko ng pagkilala ang mga lahok ng mga distrito na magkakamit ng una hanggang ikatlong karangalan.

7. Para sa paglilinaw, mangyaring magpadala ng mensahe sa cellphone bilang 0929-183-6213 o sa email address na macarthy.malanes@deped.gov.ph

8. Para sa agarang diseminasyon at pagtalima.

**SALLY L. BANAKEN-ULLALIM CESO V**
*Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan*

Kalakip: Gaya ng nakasaad

*CID/RAG/mbm*

***Kalakip 1 – Mga patimpalak sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2023***

| Patimpalak | Mga Kalahok | Mga Kasangkot | Pamamaraan | Mga Pamantayan |
|---|---|---|---|---|
| Muling pagsasalaysay ng mga kuwentong-bayan hinggil sa pagkakaisa gamit ang wikang katutubo | Mga kawani sa mga paaralang elementarya | EPS, PSDSs, tagapag-ugnay sa Filipino, mga punong-guro/ulong-guro, mga kawani, ICT coordinator | 1. Bawat paaralan ay pipili ng pinakamahusay na lahok.<br>2. Ang mapipili sa pampaaralang lebel ang magiging lahok sa pandistritong paligsahan.<br>3. Ang magwawaging lahok sa distrito ang magiging kalahok sa pandibisyong paligsahan.<br>4. Irerekord ang pagganap ng nagwaging lahok at ipapasa ng pandistritong tagapag-ugnay sa DO sa pakikipagtulungan ng ICT coordinator | 1. Nilalaman at kaugnayan ng kuwento sa paksa = 40 puntos<br>2. Lakas, intonasyon, at kalidad ng boses = 30 puntos<br>3. Ekspresyon ng mukha = 10 puntos<br>4. Kasuotan at props = 20 puntos<br>Kabuoan = 100 puntos |
| Pagsulat ng sanaysay gamit ang wikang katutubo hinggil sa karanasan ng mamamayan na sumasalamin sa pagkakaisa tungo sa maunlad na lipunan | Mga kawani sa mga paaralang sekondarya | EPS, PSDSs, tagapag-ugnay sa Filipino, mga punong-guro/ulong-guro, mga kawani, ICT coordinator | 1. Bawat paaralan ay pipili ng pinakamahusay na lahok.<br>2. Ang mapipili sa pampaaralang lebel ang magiging lahok sa pandistritong paligsahan.<br>3. Ang magwawaging lahok sa distrito ang magiging lahok sa pandibisyong paligsahan.<br>4. Ang lahok ng bawat distrito ay dapat na naka-encode sa A4, gumagamit ng Times New Roman, size 12, at naka-PDF.<br>5. Ang lahok ay ipapasa ng pandistritong tagapag-ugnay sa DO sa pakikipagtulungan ng ICT coordinator. | 1. Nilalaman = 40 puntos<br>2. Estruktura at organisasyon ng kaisipan = 40 puntos<br>3. Mekaniks = 20 puntos<br><br>Kabuoan = 100 puntos |
| Paggawa ng maikling komentaryo/vlog/blog na tumatalakay sa kahalagahan ng mga wikang katutubo sa pakikipagkapwa | Mga mag-aaral sa baitang 11-12 | EPS, PSDS, mga koordineytor o tagapag-ugnay, mga punong-guro/ulong-guro, mga guro at mga mag-aaral ng Filipino, ICT Coordinator | 1. Bawat paaralan ay pipili ng pinakamahusay na lahok.<br>2. Ang mapipili sa pampaaralang lebel ang magiging lahok sa pandistritong paligsahan.<br>3. Ang magwawaging lahok sa distrito ang magiging lahok sa pandibisyong paligsahan.<br>4. Irerekord ang pagganap ng nagwaging lahok at ipapasa ng pandistritong tagapag-ugnay sa DO sa pakikipagtulungan ng ICT coordinator<br>5. May gantimpala ang mga magwawagi gayundin ang lahat ng mga kalahok: Unang Gantimpala- P5,000; Ikalawang Gantimpala-P3,000.00; Ikatlong gantimpla-P2,00O; at Konsolasyon-P1,000.00 | 1. Nilalaman ng pagtalakay = 40 puntos<br>2. Pagkamalikhain at Teknikal na aspekto = 40 puntos<br>3. Kabuoang dating = 20 puntos<br><br>Kabuoan = 100 puntos |
| Paglikha ng awit gamit ang wikang katutubo na nagtataguyod ng katarungang panlipunan (social justice) | Mga kawani sa elementarya o sekondarya | EPS, PSDS, mga tagapag-ugnay, mga punong-guro/ulong-guro, mga kawani, ICT Coordinator | 1. Bawat paaralan ay pipili ng pinakamahusay na lahok.<br>2. Ang mapipili sa pampaaralang lebel ang magiging lahok sa pandistritong paligsahan.<br>3. Ang magwawaging lahok sa distrito ang magiging lahok sa pandibisyong paligsahan.<br>4. Irerekord ang pagganap ng nagwaging lahok at ipapasa ng pandistritong tagapag-ugnay sa DO sa pakikipagtulungan ng ICT coordinator | 1. Nilalaman at kaugnayan ng awit sa paksa = 30 puntos<br>2. Melodiya = 30 puntos<br>3. Orihinalidad = 20 puntos<br>4. Kabuoang dating = 20 puntos<br><br>Kabuoan = 100 puntos |